HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-5 NG NOBYEMBRE 2001, SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

MGA DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ludovico C. Silang | - | Tagapamanihala ng pulong |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Konsehal |
| Kgg. Eduardo C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Cesar P. Lantin | - | -do- |
| Kgg. Efren S. Acosta | - | -do- |
| Kgg. Salvador A. Magalay | - | -do- |
| Kgg. Benhur S. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Jimuel T. Cabagay | - | Pang., SK Ped. |

HINDI NAKADALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | Konsehal |
| Kgg. German S. Acosta | - | Pang., Liga ng mga Brgy. |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

"KAPASYAHAN BLG. 01-11-187-A

PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI SA NAULILA NG NASIRANG KAGAWAD NICOLAS IMBATE NG BARANGAY CABUGAO

SAPAGKAT, si Kagawad Nicolas Imbate ng Cabugao, Bulalacao, Silangang Mindoro ay sumakabilang-buhay na dahil sa sakit;

SAPAGKAT, si Kagawad Imbate ay nagsilbi sa Barangay Cabugao ng mahabang panahon na kung saan ay nakilahok at nag-umpisa sa mga proyektong pang-kaunlaran na siyang nakapagbigay ligaya at kaginhawahan sa kanyang kabarangay;

SAPAGKAT, siya ay aktibong nakilahok sa mga pagpupulong ng Sangguniang Barangay at tumutulong na isulong ang mga programang higit na kapakipakinabang sa mga mamamayan;

SAPAGKAT, ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawalan sa mga mamamayan ng Cabugao na pinaglingkuran niya ng tapat at masakit na dagok na nagbigay ng masidhing kalungkutan at pighati sa kanyang pamilya at kamag-anak; kung kaya't dahil dito

PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA; Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati sa naulila ng nasirang Kagawad Nicolas Imbate;

SA MUNGKAHI ni Konsehal Eduardo C. Aceron na pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang Kapasyahang ito ay . . .

PINAGTIBAY:" Nobyembre 5,2001, Bulalacao, Silangang Mindoro.
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

TERESITA S. PANTUGAN
Konsehal

EDUARDO C. ACERON
Konsehal

CESAR P. IANTIN
Konsehal

EFREN S. ACOSTA
Konsehal

SALVADOR A. MAGALAY
Konsehal

BENHUR S. CABAGAY
Konsehal

SEREN C. NAMILARA
Konsehal

JINUEL T. CABAGAY
Pang., SK Ped.

NAGPAPATUNAY NG KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:

LUDOVICO C. SILANG
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng pulong

SINAKSIHAN:

PERLITA L. PAZ
Pansamantalang Kalihim

PINAGTIBAY:

GEMMA N. SALAS
Punong Bayan
Date signed: 1/4/2002

011204
bs/